# TASK FORCE PARA SA MULING PAGDIDISTRITO
# LUNGSOD AT COUNTY NG SAN FRANCISCO
# MGA TALA O MINUTES

**Isinagawa sa pamamagitan ng Videoconference o Komperensiya sa Pamamagitan ng Internet**
*(Nagkaloob ng pamamaraang makasali mula sa ibang lugar sa pamamagitan ng teleconference o komperensiya sa pamamagitan ng telepono)*
[www.sfgovtv.org](http://www.sfgovtv.org)

## Enero 14, 2022 – 3:00 PM

## Espesyal na Pulong

**Mga Kasapi:** Jeremy Lee, Jose Maria (Chema) Hernández Gil, J. Michelle Pierce, Matthew Castillon, Arnold Townsend, Lily Ho, Raynell Cooper, Chasel Lee, Ditka Reiner

1. **Panawagan ukol sa Pagsisimula ng Pulong at Pagtatawag ng mga Pangalan ng mga Inaasahang Dumalo**

   *Nagpulong ang Task Force para sa Muling Pagdidistrito sa espesyal na sesyon sa pamamagitan ng videoconferencing, at nagbigay ng mga komento ang publiko sa pamamagitan ng teleconference noong Biyernes, Enero 14, 2022. Nanawagan ang Tagapangulo (Chair) na si Reverend Townsend ukol sa pagsisimula ng pulong nang 3:03 p.m.*

   *Sa pagtatawag ng mga pangalan ng mga inaasahang dumalo, naitalang naroroon sina Miyembro Jeremy Lee, Miyembro Hernández Gil, Miyembro Pierce, Miyembro Castillon, Miyembro Townsend, Miyembro Ho, Miyembro Cooper, Miyembro Chasel Lee, at Miyembro Reiner. May sapat na bilang ng kinakailangan na naroroong miyembro upang maidaos ang pulong.*

2. **Mga Bagong Impormasyon sa Iskedyul ng Regular at Espesyal na Pulong**

   *Mga Tagapagsalita: Wala.*

   *Sa pagtatapos ng diskusyon, idineklara ni Tagapangulo Townsend ang usapin na napakinggan na at naisama sa mga rekord.*

**3. Mga Hangganan o Boundary, Magkakalapit-bahay o Neighborhood, at Tinututukang mga Komunidad (Communities of Interest) ng Distrito 6**

*Jamie Clark at Seth Neill, Konsultant sa Muling Pagdidistrito (Q2 Data and Research); iniharap ang pinakabagong impormasyon ukol sa pagsisimula ng paggamit sa Kasangkapan sa Muling Pagdidistrito o Redistricting Tool ng San Francisco at sinagot ang mga tanong na iniharap sa kabuuan ng diskusyon. Sinagot ni Andrew Shen, Katuwang na Abugado ng Lungsod o Deputy City Attorney (Opisina ng Abugado ng Lungsod o Office of the City Attorney), ang mga itinanong sa kabuuan ng diskusyon.*

*Mga Tagapagsalita: Wes Saver (Glide Center for Social Justice o Sentrong Glide para sa Katarungang Panlipunan); hinikayat ang Task Force na maglabas ng dalawa o higit pang burador o draft na mapa sa maaasahang iskedyul ng mga gawain o timeline, at nang makakuha ng opinyon ng publiko bilang tugon sa mga mungkahing borador.*
*Jane Weil (Mid-Market Community Benefit District o Mid-Market na Distrito na para sa Pakinabang ng Komunidad); ipinahayag na iisang komunidad lamang ang Tenderloin at ang Central SoMa at hiniling na panatilihing magkasama ang mga ito bilang iisang lugar ng magkakalapit-bahay na nasa sentro ng lungsod, o central-city neighborhood.*
*Curtis Bradford, Kasamang Tagapangulo (Tenderloin People's Congress o Kongreso ng mga Mamamayan sa Tenderloin); ipinahayag na iisang komunidad lamang ang Tenderloin at ang Central SoMa at hiniling na panatilihing magkasama ang mga ito bilang iisang lugar ng magkakalapit-bahay na nasa sentro ng lungsod.*
*Gene Alejo (South of Market Community Action Network o Samahan para sa Aksiyon ng Komunidad sa South of Market, SOMCAN); hiniling na kilalanin ng Task Force ang tinututukang komunidad o community of interest ng mga Filipino sa lugar ng magkakalapit-bahay na nasa sentro ng lungsod.*
*Bruce Agid; hiniling na panatilihin ng Task Force na magkakasama ang kanlurang bahagi ng SoMa o western SoMa, silangang bahagi ng SoMa o eastern SoMa, Treasure Island, at ang mga lugar ng magkakalapit-bahay na nasa sentro ng lungsod, bilang iisang superbisoryal na distrito.*
*Cal Callahan, Tagapamahala ng Distrito (Leather & LGBTQ Cultural District o Leather at LGBTQ na Kultural na Distrito); hiniling na kilalanin ng Task Force ang tinututukang komunidad ng mga Filipino sa lugar ng magkakalapit-bahay na nasa sentro ng lungsod, at panatilihing magkakasama ang SoMa Pilipinas, ang Compton's Transgender Cultural District (Transgender na Kultural na Distrito ng Compton), at ang Leather & LGBTQ Cultural District bilang iisang superbisoryal na distrito.*
*David Elliott Lewis (Tenderloin People's Congress); ipinahayag na iisang komunidad lamang ang Tenderloin at ang Central SoMa at hiniling na panatilihing magkasama ang mga ito bilang iisang lugar ng magkakalapit-bahay na nasa sentro ng lungsod.*
*Brenda Varros; hiniling na panatilihing magkakasama ng Task Force ang mga komunidad ng Itim sa anumang panahon at saan mang lugar na posibleng magawa ito.*
*Christopher Cuspis; ipinahayag na iisang komunidad lamang ang Tenderloin at ang Central SoMa at hiniling na panatilihing magkasama ang mga ito bilang iisang lugar ng magkakalapit-bahay na nasa sentro ng lungsod.*
*Rene Colorado, Ehekutibong Direktor (Tenderloin Merchants and Property Owners Association o Asosasyon ng mga Negosyante at May Propyedad ); ipinahayag na iisang komunidad lamang ang Tenderloin at ang Central SoMa at hiniling na panatilihing*

*magkasama ang mga ito bilang iisang lugar ng magkakalapit-bahay na nasa sentro ng lungsod.*
*Rachel Lastimosa (SoMa Pilipinas); hiniling na kilalanin ng Task Force ang tinututukang komunidad ng mga Filipino sa lugar ng magkakalapit-bahay na nasa sentro ng lungsod.*
*Aureen Almario; hiniling na kilalanin ng Task Force ang tinututukang komunidad ng mga Filipino sa lugar ng magkakalapit-bahay na nasa sentro ng lungsod.*
*Sana Sethi (San Francisco Rising); hiniling na kilalanin ng Task Force ang tinututukang komunidad ng mga Filipino sa lugar ng magkakalapit-bahay na nasa sentro ng lungsod.*
*Tagapagsalita; hiniling na panatilihing magkakasama ang ilang magkakalapit-bahay sa SoMA sa loob ng iisang superbisoryal na distrito.*
*Lois Scott; hinihiling na huwag nang palawakin pa ang Distrito 6 patungo sa kanluran o westward, nang lampas pa sa Van Ness Avenue tungo sa Western Addition.*
*Speaker; hiniling na kilalanin ng Task Force ang tinututukang komunidad ng mga Filipino sa lugar ng magkakalapit-bahay na nasa sentro ng lungsod.*
*Chuck Obermeyer; hiniling na kilalanin ng Task Force ang Hub area bilang bahagi ng mga tinututukang komunidad sa mid-Market.*
*Erick Arguello (Glide Center for Social Justice); ipinahayag na iisang komunidad lamang ang Tenderloin at ang Central SoMa at hiniling na panatilihing magkasama ang mga ito bilang iisang lugar ng magkakalapit-bahay na nasa sentro ng lungsod.*
*Chriselle Raguro, Ehekutibong Direktor (Filipino Community Development Corporation); hiniling na kilalanin ng Task Force ang tinututukang komunidad ng mga Filipino sa lugar ng magkakalapit-bahay na nasa sentro ng lungsod.*
*Alice Rogers; hinikayat ang Task Force na maglabas ng dalawa o higit pang burador o draft na mapa sa maaasahang iskedyul ng mga gawain, at nang makakuha ng opinyon ng publiko bilang tugon sa mga mungkahing borador, at hiniling na panatilihing magkakasama ang ilang magkakalapit-bahay sa SoMa sa loob ng iisang superbisoryal na distrito.*
*Del Seymour; nagpahayag ng iba't ibang inaalala kaugnay ng pagkakahati-hati batay sa lahi sa kabuuan ng mga komunidad ng lungsod.*
*Jupiter Peraza (Compton's Transgender Cultural District); hiniling na panatilihin ng Task Force ang kabuuan ng Compton's Transgender Cultural District na nasa loob ng iisang superbisoryal na distrito, kasama ang iba pang lugar ng magkakalapit-bahay na nasa sentro ng lungsod.*
*Tagapagsalita (Arab Resource and Organizing Center o Sentro ng mga Arabo para sa mga Rekurso at Pag-oorganisa); ipinahayag na iisang komunidad lamang ang Tenderloin at ang Central SoMa at hiniling na panatilihing magkasama ang mga ito bilang iisang lugar ng magkakalapit-bahay na nasa sentro ng lungsod.*
*Justin Johnson, Kasamang Tagapangulo (Tenderloin People's Congress); ipinahayag na iisang komunidad lamang ang Tenderloin at ang Central SoMa at hiniling na panatilihing magkasama ang mga ito bilang iisang lugar ng magkakalapit-bahay na nasa sentro ng lungsod.*
*David Woo (SoMa Pilipinas); hiniling na kilalanin ng Task Force ang tinututukang komunidad ng mga Filipino sa lugar ng magkakalapit-bahay na nasa sentro ng lungsod.*
*Cheryl Thornton; nagbahagi ng iba't ibang inaalala na may kaugnayan sa mga epekto ng gentrification (pagpasok ng mas may ekonomiyang kapangyarihan kaya't nawawalan ng lugar ang mga dati nang nakatira) sa Distrito 6, at hinikayat ang Task Force na maglabas ng dalawa o higit pang burador o draft na mapa sa maaasahang iskedyul ng*

*mga gawain, at nang makakuha ng opinyon ng publiko bilang tugon sa mga mungkahing borador.*
*Guled Muse; (Glide Center for Social Justice); ipinahayag na iisang komunidad lamang ang Tenderloin at ang Central SoMa at hiniling na panatilihing magkasama ang mga ito bilang iisang lugar ng magkakalapit-bahay na nasa sentro ng lungsod.*
*Tagapagsalita; hiniling na panatilihing magkakasama ang ilang magkakalapit-bahay sa SoMa at sa Mission Bay sa loob ng iisang superbisoryal na distrito.*
*Eric Roselle; ipinahayag na iisang komunidad lamang ang Tenderloin at ang Central SoMa at hiniling na panatilihing magkasama ang mga ito bilang iisang lugar ng magkakalapit-bahay na nasa sentro ng lungsod, at inirekomendang ilipat ang Treasure Island sa Distrito 3.*
*Joe Wilson, Ehekutibong Direktor (Hospitality House); ipinahayag na iisang komunidad lamang ang Tenderloin at ang Central SoMa at hiniling na panatilihing magkasama ang mga ito bilang iisang lugar ng magkakalapit-bahay na nasa sentro ng lungsod.*
*David Pilpel; gumawa ng iba't ibang rekomendasyon na maaaring isaalang-alang sa pagmamapa ng mga distritong katabi ng Distrito 6, ipinahayag na iisang komunidad lamang ang Tenderloin at ang Central SoMa at hiniling na panatilihing magkasama ang mga ito bilang iisang lugar ng magkakalapit-bahay na nasa sentro ng lungsod, at tinukoy ang mga mungkahing mapa na naisumite na niya sa Task Force.*
*Tagapagsalita; hiniling na kilalanin ng Task Force ang tinututukang komunidad ng mga Filipino sa lugar ng magkakalapit-bahay na nasa sentro ng lungsod, at panatilihing magkakasama ang SoMa Pilipinas, ang Compton's Transgender Cultural District (Transgender na Kultural na Distrito ng Compton), at ang Leather & LGBTQ Cultural District bilang iisang superbisoryal na distrito.*
*Tagapagsalita; ibinahagi ang iba't ibang inaalala ukol sa kaligtasan sa loob ng Distrito 6.*
*Raquel Redondiez, Direktor (SoMa Pilipinas); hiniling na kilalanin ng Task Force ang tinututukang komunidad ng mga Filipino sa lugar ng magkakalapit-bahay na nasa sentro ng lungsod.*
*Amos Gregory; hiniling na panatilihing magkakasama ng Task Force ang mga komunidad ng Itim sa anumang panahon at saan mang lugar na posibleng magawa ito.*
*Bob Goldfarb; (Leather & LGBTQ Cultural District); hiniling na panatilihing magkakasama ang SoMa Pilipinas, ang Compton's Transgender Cultural District, at ang Leather & LGBTQ Cultural District bilang iisang superbisoryal na distrito.*

*Sa pagtatapos ng diskusyon, idineklara ni Tagapangulo Townsend ang usapin na napakinggan na at naisama sa mga rekord.*

**4. Biswalisasyon o Paglalarawan ng Pagmamapa at Tinututukang Komunidad (Community of Interest)**

*Seth Neill, Konsultant sa Muling Pagdidistrito (Q2 Data and Research); iniharap ang pinakabagong impormasyon ukol sa patuloy na paggamit sa Kasangkapan sa Muling Pagdidistrito o Redistricting Tool ng San Francisco at sinagot ang mga tanong na iniharap sa kabuuan ng diskusyon.*

*Mga Tagapagsalita: Seema Patel (Ideate SF); ibinahagi ang iba't ibang inaalala kaugnay ng mga komunidad ng taga-Timog Asya sa San Francisco.*

*Lois Scott; ibinahagi ang inaalala ukol sa mga kakayahan na makuha at magamit ang mga kasangkapan sa muling pagdidistrito o redistricting tool at ang mga mapa na isinumite ng publiko.*
*Jen Tse (League of Women Voters San Francisco); ibinahagi ang inaalala ukol sa mga kakayahan na makuha at magamit ang mga kasangkapan sa muling pagdidistrito at ang mga mapa na isinumite ng publiko.*
*Thomas Osley; ipinahayag na iisang komunidad lamang ang Tenderloin at ang Central SoMa at hiniling na panatilihing magkasama ang mga ito bilang iisang lugar ng magkakalapit-bahay na nasa sentro ng lungsod.*
*David Elliott Lewiis; ibinahagi ang inaalala ukol sa mga kakayahan na makuha at magamit ang mga kasangkapan sa muling pagdidistrito, at hiniling na magkaroon ng sesyon para sa pagsasanay ang Task Force ukol sa mga gamit ng kasangkapang ito.*
*Bobbi Lopez; ibinahagi ang iba't ibang inaalala sa Task Force.*

*Sa pagtatapos ng diskusyon, idineklara ni Tagapangulo Townsend ang usapin na napakinggan na at naisama sa mga rekord.*

**5. Pinakabagong Impormasyon ukol sa Plano para sa Pag-abot sa Nakararami**

*Iniharap ni Angela Calvillo, Klerk ng Lupon (Office of the Clerk of the Board o Opisina ng Klerk ng Lupon) ang kasunod na impormasyon magmula noong isinaad ang bagay na ito sa mga pinag-usapan, at sinagot ang mga tanong na iniharap sa kabuuan ng diskusyon.*

*Mga Tagapagsalita: Curtis Bradford, Pangalawang Tagapangulo (Tenderloin People's Congress); ibinahagi ang iba't ibang inaalala ukol sa pagkakaroon ng kakayahang maintindihan ang wika at makagamit ng teknolohiya sa mga pulong ng Task Force.*
*Richard Rothman; ibinahagi ang iba't ibang inaalala ukol sa pag-abot sa mas nakararami at ang mga epekto ng muling pagdidistrito sa Distrito 1.*
*David Pilpel; ibinahagi ang iba't ibang inaalala ukol sa muling pagdidistrito para sa iba pang naghahalal na distrito sa Bay Area.*
*Mike Vuong, Tagapangulo (Tenderloin Community Benefit District o Distritong Tenderloin na para sa Pakinabang ng Komunidad); ibinahagi ang iba't ibang inaalala ukol sa pagkakaroon ng kakayahang maintindihan ang wika at kakayahang makagamit ng teknolohiya sa mga pulong ng Task Force at ang pag-abot sa mas nakakarami na iba't ibang organisasyong nakabase sa komunidad at nakapaloob sa Distrito 6.*
*Michael Nulty; ibinahagi ang iba't ibang inaalala ukol sa pagkakaroon ng kakayahang maintindihan ang wika at kakayahang makagamit ng teknolohiya sa mga pulong ng Task Force at ang pag-abot sa mas nakakarami na iba't ibang organisasyong nakabase sa komunidad at nakapaloob sa Distrito 6.*
*David Elliott Lewis; inirekomenda na magkaroon ng abiso ukol sa mga gawain ng Task Force sa mga karatulang matatagpuan sa kabuuan ng mga distrito ng lungsod.*
*Lauren Girardin (League of Women Voters San Francisco); ibinahagi ang iba't ibang inaalala ukol sa pagkakaroon ng kakayahang maintindihan ang wika at kakayahang makagamit ng teknolohiya sa mga gawain ng Task Force, at inirekomenda na magkaroon ng abiso ukol sa mga gawain ng Task Force sa mga karatulang matatagpuan sa kabuuan ng mga distrito ng lungsod.*

*Jen Tse (League of Women Voters San Francisco); inirekomenda na magkaroon ng abiso ukol sa mga gawain ng Task Force sa mga karatulang matatagpuan sa kabuuan ng mga sangay ng aklatad sa lugnsod.*

*Sa pagtatapos ng diskusyon, idineklara ni Tagapangulo Townsend ang usapin na napakinggan na at naisama sa mga rekord.*

## 6. Mga Ulat ng mga Miyembro ng Task Force

*Mga Tagapagsalita: Wala.*

*Sa pagtatapos ng diskusyon, idineklara ni Tagapangulo Townsend ang usapin na napakinggan na at naisama sa mga rekord.*

## 7. Mga Ulat ng Kinatawan ng Departamento/Pampublikong Opisyal ng Lungsod

*Mga Tagapagsalita: Michael Nulty; nagsalita ukol sa iba't ibang inaalala kaugnay ng usapin sa pagdinig.*

*Sa pagtatapos ng diskusyon, idineklara ni Tagapangulo Townsend ang usapin na napakinggan na at naisama sa mga rekord.*

## 8. Komento ng Pangkalahatang Publiko

*Mga Tagapagsalita: Chuck Obermeyer; hiniling na huwag isaalang-alang ng Task Force ang mga hangganan o boundary ng dalawa o higit pang distrito sa mga pulong ng Task Force.*
*Lauren Girardin (League of Women Voters San Francisco); nagpahayag ng mga inaalala ukol sa pagbibigay ng depinisyon sa mga tinututukang komunidad o communities of interest at ang mga hamon sa pagbibigay ng impormasyon sa Task Force ukol sa mga katangian ng mga ito.*
*David Elliott Lewis; ibinahagi ang iba't ibang inaalala ukol sa kahalagahan ng muling pagdidistrito sa Distrito 6 sa natitirang bahagi ng proseso ng muling pagdidistrito.*
*Tom Osley; hiniling na huwag isaalang-alang ng Task Force ang mga hangganan o boundary ng dalawa o higit pang distrito sa mga pulong ng Task Force.*
*Jen Tse (League of Women Voters San Francisco); iminungkahi na gumawa ng pagsusuri ang Task Force at ang mga interesadong miyembro ng publiko sa Appendix (Karagdagan) E ng ulat ng RTF para sa 2012.*
*Michael Nulty; ibinahagi ang iba't ibang obserbasyon ukol sa muling pagdidistrito ng Distrito 6.*
*Tagapagsalita; hiniling na huwag mag-drowing ang Task Force ng anumang borador o draft na map hanggang sa mapakinggan ang mga inaalala ukol sa Distrito 1 sa pampublikong pulong.*

*Sa pagtatapos ng diskusyon, idineklara ni Tagapangulo Townsend ang usapin na napakinggan na at naisama sa mga rekord.*

**9. Mga Bagay na Pag-uusapan sa Hinaharap**

*Mga Tagapagsalita: David Elliott Lewis; hiniling na magkaroon ng bagay o item sa listahan ng mga pag-uupasapan sa hinaharap, at nang mabigyan ng edukasyon ang publikol ukol sa paggamit ng kagamitan para sa muling pagdidistrito, at mga stratehiya para sa muling pagdidistrito.*

*Sa pagtatapos ng diskusyon, idineklara ni Tagapangulo Townsend ang usapin na napakinggan na at naisama sa mga rekord.*

**10. Pagtatapos ng Pulong**

*Dahil wala nang iba pang pag-uusapan, natapos ang pulong ng Task Force para sa Muling Pagdidistrito sa oras na 6:25 p.m.*

*Pakatandaan (N.B). Itinatakda ng mga Tala ng pulong na ito ang lahat ng aksiyong isasagawa ng Task Force para sa Muling Pagdidistrito na nauukol sa mga usaping nakasaad, pero hindi kinakailangang naaayon sa pagkakasunod-sunod ng pagtalakay sa mga usaping ito sa pulong.*

**INAPRUBAHAN: Enero 29, 2022**
**Task Force para sa Muling Pagdidistrito**